JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginaton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 8:
## Agrikultura



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 8: Pagpili ng paramihing hayop**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalanng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Developer:** Susan A. Torlao
**Editors:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers**: Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa A. Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
Marvin R. Torlao
**Layout Artist:** Susan A. Torlao
**Management Team:**
Roy C. Tuballa, EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed.D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## ALAMIN

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pagpili ng paramihing hayop, paggawa ng iskedyul ng mga gawain at pag-aalaga ng hayop.

Nilalaman:

Maraming uri ng hayop ang mapagpipilian na tiyak din ang kapakinabangan kung nasa ayos ang paraan ng pangangalagang gagawin. Kailangan piliin ang alagang hayop lalo na kung balak natin paramihin ang mga ito upang makapag-bigay ng karagdagang pagkain at kita sa pamilya.

Ang paggawa ng talatakdaan ng mga gawain ay isang mabisang paraan upang magamit ng wasto ang panahon sa pag-aalaga ng hayop. Nagkakaroon ng gabay sa pagsasagawa ng mga gawain kung may nakahandang plano sa paggawa. Walang maaaksayang panahon sa pag-iisip kung ano ang dapat tapusin sa araw na iyon. Nakikita rin ang pagkakaugnay ng mga gawain kung mayroong talatakdaan/iskedyul.

Higit na mabisa ang pagtupad sa tungkulin ng bawat isa kung may nasusunod na iskedyul ng gawain ang mag-anak. Ito ang nagiging gabay nila sa pagsunod ng araw na dapat gampanan ang nakaatang na gawain sa kanila. Ang iskedyul ay magpapaalala sa bawat isa na may tungkulin sila sa tahanan at ito'y magagawa ng may ngiti sa labi dahil naipapakita ang pagkakaisa ng bawat kasapi ng pamilya.

Ang modyul na ito ay tungkol sa: Pagpili ng paramihing hayop at paggawa ng iskedyul ng mga gawain at pag-aalaga ng hayop.

Pagkatapos ang mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Napipili ang paramihing hayop
2. Nakagagawa ng talatakdaan ng mga gawain upang makapagpaparami ng hayop.
3. Nakagagawa ng iskedyul ng pag-aalaga ng hayop, naisasa alang-alang ang mga kautusan /batas tungkol sa pangangalaga ng paramihing hayop, naitatala ang mga pag-iingat na dapat gawin kung mag-aalaga ng hayop.



## SUBUKIN

Panuto: Sagutin ng deal or no deal. Lagyan ng tsek ( / ) ang angkop na hanay.

| Mga Tanong | Deal or | NoDeal |
|---|---|---|
| 1. kailangan bang piliin ang alagang hayop lalo na kung balak natin paramihin ang mga ito? | | |
| 2. Ang paggawa ba ng talatakdaan ng mga gawain at sa pag-aalaga ng hayop ay nararapat? | | |
| 3. Nagkakaroon ba ng problema sa pagsasagawa ng mga gawain kung may nakahandang plano sa paggawa. | | |
| 4. Ang paggawa ba ng talatakdaan ng mga gawain ay isang mabisang paraan upang magamit ng wasto ang panahon sa pag-aalaga ng hayop? | | |
| 5. Maaring bang maging kapaki-pakinabang ang pagpaparami ng hayop? | | |
| 6. Kailangan ba ang pagpaplano sa pagpaparami ng alagang hayop? | | |
| 7. Ikaw ba ay may kikitain sap ag-aalaga ng hayop? | | |
| 8. Dapat bang may malawak na bakuran kung ikaw ay mag-aalaga ng mga manok at itik? | | |
| 9. Maaari bang pagkukunan ng pagkaing karne kung ikaw ay nag-aalaga ng hayop? | | |
| 10. Walang maidudulot na mabuti sa pamilya ang pagpaparami ng alagang hayop. | | |



## BALIKAN





Kailanagan piliin natin ang alagang hayop sa tahanan lalo na kung balak natin paramihin ang mga ito upang makapag-bigay ng karagdagang pagkain at kita sa pamilya.



Kalapati

Ang pag-alaga ng kalapati ay madaling pagkakitaan bukod sa nakalilibang. Ang isang inahin ay nagsisimulang mangitlog sa gulang na talong buwan lamang. Ang itlog ay mabilis din mapisa kaya mabilis dumami ang mga ito.




Kuneho

Ang kuneho ay isa ring hayop na madaling alagaan. Ito ay nagbibigay ng karne na kasing-sustansiya ng karne galing sa manok. Ang kuneho ay madalas ginagamit sa mga eksperimento ng mga siyentipiko. Ang balat nito ay ginagamit sa palamuti ng damit, tsinelas, sombrero, at iba pa.




Aso

Ang aso ay isa sa mga hayop na mainam alagaan. May nag-aalaga ng aso upang magsilbing bantay sa bahay. Mayroon namang nais ay maging kasa-kasama sa mga gawain. Inaalagaan din sila upang makasama at maging isang tunay na kaibigan. Mahalaga naman na pipiliin ang asong aalagaan.



Pusa

Ang pusa ay isa ring mabuting alaga sa tahanan. Mahusay itong manghuli ng daga dahil sa matalas ang kaniyang paningin, pang-amoy at pandinig. Ito ay humuhuni (purr) o ngumingiyaw kapag masaya at may gustong ipaalam.



Mga isda sa aquarium

Ang aquarium ay isang lalagyang may tubig kung saan inaalagaan at pinapalaki ang mga isda. Ito ay ginagawang palamuti o atraksyon sa tahanan, opisina, o maging sa ospital. Isang katamtamang sukat ng aquarium 30 cm x 20 cm x 15 cm (12 in x 18 in x 6 in). Ayon sa bihasa, ang goldfish ang pinakamadaling alagaan sa aquarium. Maaari rin ipagbili ang mga isda sa aquarium katulad ng goldfish, Janitor's fish at iba




Dagang Costa

Mainam ding alagaan ang dagang costa at ito ay nagbibigay aliw sa nag-aalaga. Isa siyang uri ng daga na matuturuan sa ipapagawa sa kanya katulad sa mga carnival ito ay ginagamit sa laro sa ibabaw ng mesa na may mga kahon na kapag narinig nila ang signal ay tatakbo sila sa loob ng kahon na may numero. Kapag nakataya ka sa sinuutan ng dagang costa, panalo ka.



***Maglaro Tayo!***

Gamit ang Venn Diagram, Piliin ang 5 hayop na maaaring paramihin at isulat sa loob ng bilog na B at 5 hayop din na hindi puedeng paramihin, isulat sa loob ng bilog na C.





## *TUKLASIN*

Dapat tandaan sa pagpili ng paramihing hayop ay ang mga sumusunod:

1. Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain sa hapag-kainan.
2. Mabilis lumaki at madaling dumami.
3. Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mag-anak.
4. Nakapagbibigay aliw at mabuting kasama sa bahay.
5. Madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain.
6. Naipagbibili at karagdagang kita ng pamilya.

### Paggawa ng Talatakdaan/Iskedyul ng mga Gawain upang Makapagparami ng Hayop

Ang iskedyul/talatakdaan ay talaan ng mga gawaing dapat isakatuparan satakdang panahon. Ito ay maaaring gawin para sa isang araw, lingo, o isang buwan. Nagsisilbi ito ng tagapagpaalala sa isang gumagawa, ang kailangan nilang gawin sa takdang oras upang matapos sa takda o sa lalong madaling panahon.

Ang dalawang uri ng iskedyul/talatakdaan:

1. Pansariling talatakdaan/iskedyul ay tumutukoy sa mga indibidwal na gawaing dapat gawin sa takdang oras. Halimbawa ng pansariling talatakdaan/iskedyul.

| Oras | Minuto | Gagawin |
|---|---|---|
| | | **Umaga** |
| 6:00-6:15 | 15 | Pagliligpit ng silid-tulugan |
| 6:15-6:30 | 15 | Pag-aayos ng sarili |
| 6:30-6:45 | 15 | Pag-aalmusal |
| 6:45-7:45 | 60 | Paghahanda ng pagkain ng alagang hayop |
| 7:45-8:30 | 45 | Pag-aayos ng kakainin ng alagang hayop |
| 8:30-9:00 | 30 | Paagpapakain sa alagang hayop |
| 9:00-9:15 | 15 | Pagbibigay ng karagdagang bitamina at mineral |
| 9:15-10:15 | 60 | Papapaligo ng alagang hayop (2 beses sa loob ng isang lingo) |
| 10:15-11:30 | 75 | Paglilinis ng kulungan ng hayop |
| | | **Hapon** |
| 11:30-1:00 | 120 | Tanghalian at Pamamahinga |
| 1:00-2:00 | 60 | Pagtingin sa kalusugan ng hayop |
| 2:00-3:00 | 60 | Pagwawalis at pag-aalis ng dumi |
| 3:00-4:00 | 60 | Paghahanda ng tubig at pagkain |
| 4:00-5:00 | 60 | Pagpapakain sa hayop |

| | | |
|---|---|---|
| 5:00-5:30 | 30 | Pagliligpit ng mga gamit at pag-aayos ng mga ilaw sa kulungan. |
| 5:30-6:00 | 30 | Paghahanda ng hapunan |
| **Gabi** | | |
| 6:00- Pataas | | Paghahapunan, pag-aaral ng leksiyon, pamamahinga |

2. Pangmag-anak na talatakdaan ay pinaghati-hating gawain sa lahat ng mga kasapi ng mag-anak para gampanan sa takdang oras.

Halimbawa ng pangmag-anak na talatakdaan/iskedyul

| Gawain | Taong Gaganap | Araw |
|---|---|---|
| Pagpaplano na sisimulan sa mga alagang hayop | Nanay/Tatay | 1 Linggo |
| Paggawa ng kulungan | Tatay/Kuya | 1 Linggo |
| Pamimili ng pagkain | Nanay/Ate | Lingguhan |
| Pamimili ng bitamina at mineral para sa hayop | Ate | Lingguhan |
| Pagpapakain sa alagang hayop | Nanay/Kuya | Araw-araw |
| Paglinis ng kulungan | Kuya | Araw-araw |
| Paglilinis ng mga kasangkapan na ginagamit | Ate/Nanay | Araw-araw |
| Pagtingin sa kulungan ng hayop | Nanay/Ate | Araw-araw |
| Pagbubukod sa mga hayop na may sakit | Tatay/Nanay | 1 Araw |
| Pagtingin sa babaeng hayop na manganganak | Mag-anak | Araw-araw |
| Mag-aalaga sa mga bagong anak na hayop | Ate/Kuya | Araw-araw |

## Paggawa ng Iskedyul ng Pag-aalaga ng Hayop

Halimbawa ng Lingguhang iskedyul ng mga gawain sap ag-aalaga ng magpares na kuneho. Ito ay ang Pansariling Iskedyul.

| Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes |
|---|---|---|---|
| Pagpapakain ng mga kuneho | Paghuhugas at paglinis ng mga kasangkapan | Pagpupunas ng mga kuneho | Pagpapakain ng mga kuneho |
| Paglilinis ng kulungan | Pagpapakain ng mga kuneho | Paglilinis ng kulungan | Paglilinis ng kulungan |
| | Paglilinis ng kulungan | Pagpapakain ng mga kuneho | Paghuhugas at paglilinis ng mga kasangkapan |
| | | Paghuhugas at paglilinis ng mga kasangkapan | Pagpapainom ng mga bitamina at mineral |

| Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|
| Paglilinis ng kulungan | Pagpupunas ng mga kuneho | Pagpapakain ng mga kuneho |
| Pagpapakain ng mga kuneho | Paglilinis ng kulungan | Paghuhugas at paglilinis ng mga kasangkapan |
| Paghuhugas at paglilinis ng mga kasangkapan | Pagpapakain ng mga kuneho | Paglilinis ng kulungan |

| | | |
|---|---|---|
| Pagtingin sa kalusugan ng mga kuneho. | Paghuhugas at paglilinis ng mga kasangkapan | Pagpupunas ng mga kuneho |
| | Paghahanap ng pagkain ng mga kuneho | Pagpapainom ng mga bitamina at mineral. |
| | | Paghanap ng pagkain ng mga kuneho |

Isa pang uri ng iskedyul ay ang pagsasama-sama ng mag-anak sap ag-aalaga ng hayop. Ito ang pangmag-anak na iskedyul sa mga gawain upang masaya nilang gagampanan ang kanilang gagawin para sa alaga nilang hayop.

Halimbawa ng pangmag-anak na iskedyul sa pag-aalaga ng aso.

| **Gawain** | **Kasambahay na gaganap sa gawain** | **Araw** |
|---|---|---|
| Paglilinis ng kulungan ng aso | Kuya | Lunes |
| Paghuhugas at paglilinis sa mga kasangkapan at gamit | Ate | Martes |
| Pagpapakain sa Hayop | Bunso | Miyerkules |
| Pagpapaligo sa aso | Tatay | Huwebes |
| Pagpapainom ng bitamina at mineral | Ate | Biyernes |
| Pagtingin sa kalusugan ng aso | Ate | Sabado |
| Pagpapasuri sa beterinaryo kapag may sakit ang aso. | Nanay | Linggo |
| Paghahanap/pagbili ng pagkain ng aso | Tito | Sabado |
| Paglilipat ng mga gamit | Kuya | Martes |



## *SURIIN*

Dapat tandaan natin na kailangan piliin ang alagang hayop lalo na kungbalak natin paramihin ang mga ito upang makapag-bigay ng karagdagang pagkain at kita sa pamilya.

**Mga Batayan sa Pagpili ng Paramihing Alagang Hayop**

1. Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain sa hapag-kainan.
2. Mabilis lumaki at madaling dumami.
3. Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mag-anak.
4. Nakapagbibigay aliw at mabuting kasama sa bahay.
5. Madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain.
6. Naipagbibili at karagdagang kita ng pamilya.


Dapat malaman natin na ang talatakdaan/iskedyul ay talaan ng mga gawaing dapat gawin o isakatuparan sa takdang oras at panahon. Ito ay maaaring gawin o isakatuparan sa takdang oras at panahon. Ito ay maaaring gawin para sa isang araw, isang lingo o isang buwan.




# PAGYAMANIN


A. Pagmasdan ang mga larawan ng mga hayop lagyan ng ✓ kung ito ay pararamihing hayop at ✗ kung hindi.


1. ______


2. ______


3. ______


4. ______



5. ______


6. ______


7. ______



8. ______


9. ______


10. ______

A. Sagutin ang bawat tanong. Lagyan ng tsek ✓ ang angkop na hanay.

| Tseklist | **Oo** | **Hindi** |
|---|---|---|
| 11. Naisasagawa ng tama ang mga gawain sa iskedyul. | | |
| 12. Nasusunod ang oras/araw sa pagsasagawa. | | |
| 13. Natutukoy ang mga tauhan na nakasaad sa iskedyul | | |
| 14. Naipapakita ang mga sa masayang paraan | | |
| 15. Nagdudulot ng pagkalito sa kasapi ng pamilya sa tungkulin na kanilang gagampanan. | | |



# ISAISIP

Panuto: Pagtapat-tapatin: Basahin ang bawat pangungusap sa hanay A at hanapin ang tamang konsepto na tinutukoy sa hanay B.

| A | B. |
|---|---|
| ______1. Isa ito sa mga pararamihing hayop na kadalasan ginagamit ito sa mga expspe rimento. | A. Pansariling iskedyul<br>B. Pangmag-anak na iskedyul |
| ______2. Isa sa mga batayan sa pagpili ng parara- mihing alagang hayop. | C. Kuneho |
| ______3. Sa kasalukuyan, maraming uri ng isda ang | D. Aquarium |

maaaring alagaan at palakihin sa ____ E. Isda

_______4. Ito ay talaan ng mga gawaing dapat isakatuparan sa takdang oras at pananhon

_______5. Ito ay tumutukoy sa indibidwal na gawaing dapat gawin sa sa takdang oras. F. Mabilis Lumaki at madaling dumami

_______6. Ito ay pinaghati-hating gawain sa lahat ng mga kasapi ng mag-anak para gampanan sa takdang oras. G. Iskedyul/Talatakdaan



## *ISAGAWA*

A. Panuto: Basahin mabuti ang sitwasyon. Sagutin ang hinihingi nito:

Si Marvina ay nagpapakain ng inahing alagang manok. Gumawa ng talatakdaan/iskedul ng mga gawain ni Marvina sa kanyang mga alagang manok gamit ang pansariling iskedyul.

| **Oras** | **Minuto** | **Gawain** |
|---|---|---|
| | | |

B. Sa nakita ninyong pansariling iskedyul sa pag-aalaga ng aso, isulat ang mga nakasaad sa metacard sa tamang kahon sa ibaba. Kung anong araw ginagawa ang mga nakatalang gawain sa pag-aalaga ng Kuneho

1 Pagpapakain ng mga Kuneho

2 Paglilinis ng kulungan

3 Pagpupunas sa mga Kuneho

4 Paghahanap ng pagkain para sa mga kuneho

5 Pagpapainom ng bitamina at mineral

Pansariling Iskedyul

| Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |



## *TAYAHIN*

Basahin ang bawat aytem. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga sumusunod ay mga batayan sa pagpili ng paramihing alagang hayop. Alin ang hindi nabibilang sa pangkat?

a. Nakapagbibigay ng karadagang pagkain sa hapag kainan.
b. Mabilis lumaki at madaling dumami.
c. Natuturuan at nauutusan para tumulong sa gawaing bahay.
d. Nakapagbibigay aliw at mabuting kasama sa bahay.

2. Ano ang pinakamahalagang batayan sa pagpili ng pararamihing hayop?
   a. Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain at kita sa pamilya.
   b. Mabilis lumaki at madaling dumami.
   c. Madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain.
   d. Nakapagbibigay aliw at mabuting kasama sa bahay.
3. Alin sa mga halimbawa ng pararamihing alagang hayop ang madaling alagaan?
   a. Kuneho b. kambing c. Goldfish d. Dagang Costa
4. Sa mga nakatalang hayop sa ibaba, alin ang hindi kabilang sa pararamihing alagang hayop?
   a. Pato b. Manok c. Baka d. Unggoy
5. Anong hayop ang mainam alagaan at itinuturing na isang tunay na kaibigan dahil madalas sila ang bantay sa bahay?
   a. Kuneho b. Kalapati c. Aso d. Pusa
6. Ano ang kahalagahan ng talatakdaan/iskedyul sa pagpili ng pararamihing algang hayop.
   a. Ito ay nakatutulong sa atin.
   b. Naisasakatuparan ang mga gawain sa takdang oras at panahon.
   c. Nakakadagdag ng mga gawain.
   d. Nagdudulot ng kabagalan bunga ng paglaan ng oras sa paggawa.
7. Ano ang kabutihang dulot ng pansariling talatakdaan/iskedyul sa mga gawain upang makapagparami ng hayop?
   a. Nakakatulong sa indibidwal na matapos ang gawain sa takdang oras.
   b. Nakaka-abala dahil sa kilangan ka pang gumawa ng iskedyul.
   c. Nakakabagal sa mga gawain upang makapagparami ng hayop.
   d. Nakakatanggal ng stress sa pag-aalaga ng hayop.
8. Mahalaga sa pamilya ang paggamit sa pangmag-anak na iskedyul sa paggawa ng mga gawain sa pagpaparami ng hayop. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa pagsunod ng pangmag-anak na iskedyul?
   a. Pinaghati-hating gawain sa lahat ng kasapi ng pamilya.
   b. Para magampanan ang lahat ng gawain sa pagpaprami ng hayop sa takdang oras.
   c. Para lahat may trabaho.
   d. Para madali ang pagpaparami ng alagang hayop.
9. Sino sa kasambahay ang gaganap sa gawain ng pagpapasuri sa beterinaryo kapag may sakit ang aso?
   a. Tatay b. Nanay c. Kuya d. Ate
10. Kailan ginagawa ang pagpupunas ng mga kuneho?

a. Lunes at Martes b. Miyerkules at Huwebes c. Miyerkules at Sabado d. Linggo



## *KARAGDAGANG GAWAIN*

Panuto: Pumili ng hayop na pararamihin at gumawa ng pangmag-anak na iskedyul/talatakdaan sa pag-alaga gamit ang gabay sa ibaba.

Hayop na pararamihin: ___________________

| Gawain | Kasambahay na gaganap sa gawain | Araw |
|---|---|---|
| | | |



## *SUSI SA PAGWAWASTO*

**Pagyamanin**

1. ✓
2. ✓
3. X
4. ✓
6. X
7. ✓
8. X
9. X
11. oo
12. oo
13. oo
14. oo

**Isaisip**

1. C
2. F
3. D
4. G
5. A
6. B

**Isagawa**

(For item A answers vary)

B.
1. Lunes-Linggo
2. Lunes-Linggo
3. Miyerkules at Sabado
4. Linggo
5. Huwebes at Linggo

**Tayahin**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. C
6. B
7. A
8. C
9. B
10. C

# *SANGGUNIAN:*

"Kto12 GRADE 4 LEARNER'S MATERIAL IN EPP (Q1-Q4)," Department of Education.

*Edukasyong Pantahanan At Pangkabuhayan 4*, Department of Education, 2015, 1st edition.